

**Copyright © 2012 by Alyoony Stories**

ALL RIGHTS RESERVED. No part of this story may be reproduced or transmitted in any form or by any means, electronic or mechanical, including photocopying, recording, or by any information storage and retrieval system, without the written permission of the author, except where permitted by law.

## **Text**

### **By alyloony**

*'Hay ang gwapo niya talaga'* bulong ko sa sarili ko habang titig na titig ako sa picture ng pinakamamahal ko na si Nike sa facebook.

Naalala ko dati nung una ko siyang makita nun sa bahay ng best friend ko na tinatawag kong 'kambal' na si Aly. Pinsan ni Aly si Nike at pansamantalang nakikituloy ito sa bahay nila dahil sa papasok narin siya sa University kung saan kami nagaaral at sa probinsya pa siya nakatira. Natatandaan ko nun, meron kaming Buisness Plan na ginagawa at dahil isa siyang business management student, tinulungan niya kami sa Marketing plan namin. Tuwang tuwa ako ng mga panahon na yun dahil talagang hirap na hirap na kami. Sobrang humanga ako sa kanya kasi bukod sa gwapo na, matalino pa!

Nung una crush ko lang talaga si Nike pero habang tumataggal, palalim ng palalim ang nararamdaman ko sa kanya. Hindi naman kami ganoon naguusap ni Nike dahil medyo nahihiya akong i-approach siya pero aaminin ko, kada makikita ko siya o kada ngigitian niya ako, halos lumundag ang puso ko sa sobrang saya. Pero isang araw, nagising na lang ako at hinihiling sa sarili ko na sana, hindi na lang ako basta ngitian ni Nike. Sana maisipan niya ng kausapin ako.

*Sana mapansin niya ko.*

Pero para akong sinaksak nung ibinalita saakin ni Aly kelan lang na parang nagkakamabutihan na si Denise at si Nike.

Sikat sa University namin si Denise. Paano ba naman, maganda na matalino na, mayaman pa! Ano naman ang binatang ko doon di ba? Walang wala ang beauty ko! isa pa madalas pa akong pagkamalang tomboy ng mga kaklase ko kasi bukod sa panlalaki na ang name ko, boyish pa ako kumilos.

Pero kasalanan ko bang Jedzel ang naisipang ipangalan ng mga magulang ko? Kasalanan ko bang ganito talaga ako kumilos na parang si-siga-siga? Kahit naman ganito ako alam ko meron paring cute side sa sarili ko eh.

Pero ano nga bang laban ng cute side ko sa gorgeous personality ni Denise?! Wala! As in walang walang wala.

*Hay.*

Kinuha ko yung cellphone ko para itext si Aly at maglabas ng saloobin. Pag ganito kasing na de-depress ako, siya lang ang sinasabihan ko ng mga hinanakit.

**“kambal, tinititigan ko ngayon yung picture ng gwapo mong pinsan! Hay ang gwapo talaga niya”** text ko sa kanya.

Maya-maya lang din, nag reply na si kambal

**“sinong pinsan ko?”** tanong ni reply niya saakin

**“sino pa edi si Nike!”** sagot naman ko naman sa kanya. After ko mai-send yun, hindi na ulit nag reply si kambal. Malamang eh busy makipag chat ngayon yan sa boyfriend niya.

Buti pa si kambal may love life! Eh ako kaya? Hay, nakaka depress. T\_\_T

Biglang nag vibrate ang phone ko at nakita ko namang nag reply si Aly

***“ah, baka matunaw yan! Hehehe”*** sagot ni Aly sa text ko.

**“busy ka kambal?”** tanong ko sa kanya

***“hindi naman masyado. Bakit?”*** – aly

**“wala lang. Uy alam mo ba nakakita ako ng picture ni Nike at ni Denise na magkasama!”** – ako

***“selos ka no?”*** – aly

**“laking ganda naman kasi ni Denise! Bagay na bagay sila”** - ako

***“eh bagay din naman kayo ni Nike ah? cute ka naman at magaling kumanta”*** – aly

**“kelan ka pa natutong mambola ha kambal? Pero wala lang, nakakapang selos lang. Hehehehe :)”** - Ako

***“sus, ano naman kinakaselos mo doon? Mahal mo ba si Nike?”*** – Aly

**“obvious ba kambal? Hindi ko lang basta crush si Nike, habang tumatagal mas lumalalim na ang feelings ko sa kanya. Oo nga hanggang ngitian lang kami pero alam mo yung pakiramdam na kada makikita kong magkasama si Denise at Nike nasasaktan ako? Parang gusto ko na lang tumakbo sa isang lugar at umiyak. Naiinggit ako kay Denise at lagi kong iniisip na sana ako na lang siya, sana ako na lang ang kasama ni Nike, sana ako na lang yung nasa tabi niya palagi, sana ako na lang magustuhan niya. Kaso hindi. Hanggang panaginip lang yun eh. Dahil ang totoo, si Denise parin talaga ang gusto ni Nike hindi ako”** – ako

***“eh paano kung hindi naman talaga si Denise ang gusto ni Nike?”*** isang napakaikling sagot ni kambal sa text ko

**“kung hindi siya eh sino?”** tanong ko sa kanya

Matapos kong isend ang message na yun, hindi na ulit nag reply si Aly. Baka na expire na yung unli niya o busy na ulit makipag chat sa boyfriend niya.

Nag shut down na ko ng computer at nahiga sa kama ko habang tinititigan yung picture ni Nike na ginawa kong wallpaper ng cellphone ko. Naalala ko dati nung ipinakita ko to sa mga pinsan ko at pinagmayabang ko na boyfriend ko siya. Syempre lahat sila nainggit dahil ang gwapo ba naman ng boyfriend ko di ba? Pero in the end sinabi ko sa kanila na isang malaking joke lang yun at nangangarap lang ako.

Hay. Sana, sana isang malaking joke lang din yung kay Denise at Nike. Pag talagang nalaman ko na walang namamagitan sa kanila, maglalakas loob na kong makipag kaibigan kay Nike para naman kahit papaano eh mapalapit ako sa kanya.

Kaso hindi eh. Isa pa imposible naman yung sinasabi ni Aly na iba ang gusto ni Nike. Kitang kita ko kung gaano ka close si Denise at Nike. Kitang kita ko ang spark sa mga mata nila habang magkasama sila! Ang sweet sweet pa nila madalas lalo na pag naghaharutan sila! Kulang na lang eh halikan nila ang isa't isa sa harap ko.

At kulang na lang eh makapatay na ako dahil sa sobrang selos.

Bakit ba kasi merong mga pinagpala ng ganda, talino at yaman eh? At bakit ba hindi ako nabiyayaan ni isa manlang sa mga yun?

Hay. Kawawa naman ako. Hanggang pangarap na lang na maging boyfriend ko siya.

**“Jedz!”** bigla akong napaayos ng upo ng buksan ni mama yung pinto ng kwarto ko **“may bisita ka”** sabi ni mama saakin

**“ha? sino?”**

Nakita ko naman na kasunod ni Mama si Aly. Pinapasok niya ito sa kwarto ko then lumabas na si mama at dadalhan daw niya kami ng meryenda

**“uy kambal!”**

**“oh kambal ano ginagawa mo dito?”** tanong ko sa kanya

**“eh hihiramin ko sana yung book mo sa accounting! Nakalimutan ko sa locker yung akin eh hindi ko tuloy magawa yung assignment natin”**

**“nye sana tinext mo ko! kanina pa tayo magkatext hindi mo manlang sinabi na papunta ka dito”**

**“huh? Magkatext? Naiwan ko ang phone ko sa bahay kambal”** takang takang sabi ni Aly

Nagulat naman ako sa sinabi niya **“w-wait, hindi ikaw ang nakatext ko?! sino?!”**

**“aba malay ko! naiwan ko talaga cellphone ko promise!”**

Naku naman! Sino kaya yung naka text ko? nakakahiya pa naman pinagsasasabi ko doon sa text!! Pag kumalat na may gusto ako kay Nike, for sure forever na akong hindi makakapunta sa bahay nila kambal! Forever ko ng hindi mangingitian si Nike and forever narin akong hindi magpapakita sa kanya dahil sa kahihyan!

Ayoko naman ng ganun T\_\_\_T



Nagulat ako ng bigla kong marinig na tumunog ang cellphone ko kaya naman agad ko itong kinuha at tinignan kung sino ang tumatawag

*Calling...*

*Aly*

**“kambal! Tumatawag ang cellphone mo saakin oh! Hala mamaya eh naposses na ni Sadako ang cellphone mo!!”** O\_\_\_\_O

**“baliw! Sagutin mo na lang kaya no?”** bigla naman siyang tumayo at naglakad papunta palabas ng kwarto ko **“doon muna ako sa sala niyo ah”** sabi niyasabay kindat pagkatapos nun ay lumabas na siya ng kwarto ko.

Hala naman talaga! Mamaya eh si Sadako na nga ito!

I press the answer button then dahan dahan kong inilagay ang cellphone sa tenga ko

**“hello?”**

**“Jedzel”**

Halos manlaki ang singkit kong mata ng marinig ko ang boses na yun. Kahit nasa kabilang linya siya ng telepono, kilalang kilala ko parin kung kanino nanggagaling ang boses na yun.

**“N-nike?”**

***“hindi si Denise ang gusto ko”***

**“t-teka...”**

***“dahil yung taong mahal ko, siya yung palaging nagpupunta sa bahay namin. Siya yung babaeng simple lang kumilos pero merong napaka gandang ngiti. Siya yung babaeng pag narinig mong kumanta, mapapatitig ka na lang sa kanya***

***habang pinapakinggang ang maganda niyang boses. Yung taong mahal ko, siya yung masiyahing babae, palakaibigan, mabait, at kahit hindi man niya masyadong napapansin, maganda siya. Para saakin, kahit saang anggulo ko siya tignan, napaka ganda niya..”***

**“N-nike—“**

***“ikaw yung babaeng tinutukoy ko Jedz. Ikaw yung mahal ko. Pwede ba kitang ligawan?”***

Bigla na lang tumulo ang luha ko sa sobrang saya dahil sa mga sinabi niya. Akala ko hindi niya ko napapansin, akala ko wala lang ako sa kanya, akala ko, kahit anong gawin kong pagpapapansin, hindi niya ako magugustuhan. Pero biruin niyo nga naman, siya pa pala ang unang taong makakapagpaiyak saakin dahil sa sobrang saya.

Pinunasan ko ang mga luha ko at huminga ako ng malalim.

**“sinasagot na kita”**

End.

\*\*\*

*Note: I personally know the names used in this story except for Aly. Sino ba si Aly? XD*